Magbubukas na DRC sa Union County

Release Date: October 5, 2021

TRENTON, N.J. – Nagbukas ang isang Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagkabawi sa Sakuna) ngayon, Okt. 5, sa Union County upang makatulong sa mga residente ng New Jersey na apektado ng labi ng Bagyong Ida.

Nakahanda ang mga kinatawan ng FEMA at ang U.S. Small Business Administration (SBA o Administrasyon ng mga Maliliit na Negosyo) sa sentro upang ipaliwanag ang mga programa ng tulong sa sakuna, sumagot sa mga tanong tungkol sa mga natanggap na kasulatan, at magbigay ng mga nakasulat na impormasyon tungkol sa pag-aayos at pagpapatibay ng mga tahanan laban sa sakuna.

Matatagpuan ang DRC sa:

Cranford Community Center, 220 Walnut Ave, Cranford, N.J., 07016

Oras: **Lunes- Biyernes, 8 n.u. hanggang 5 n.h. ET**

Sabado, 9 n.u. hanggang 5 n.h.

Linggo, Sarado

Upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 dahil sa pagkakalantad sa ibang tao, kinakailngan ang pagsuot ng mask o pantakip sa mukha upang makapasok. Mayroong hand sanitizer (panlinis ng kamay) para sa mga nakaligtas at kawani.

Ang bawat workstation (mesa ng kawani) ay may pagitan ng anim na talampakan para makapagbigay ng karagdagang proteksyon sa mga nakaligtas at mga kawani.

Tinitiyak ng FEMA na ang mga karaniwang lugar ay palaging nililinis, at ang mga workstation ay dinisimpekta pagkatapos gamitin ng bawat panauhin.

Ang mga indibidwal ng Bergen, Essex, Gloucester, Hudson, Hunterdon, Mercer, Middlesex, Morris, Passaic, Somerset, Union, at Warren county ay kwalipikadong makatanggap ng tulong sa sakuna. Para makahanap ng pinakamalapit na DRC, i-click ang FEMA DRC link: fema.gov/drc

Ang mga nakaligtas ay maaaring magtanong o kumuha ng karagdagang impormasyon sa pagpunta sa DRC, bilang karagdagan sa pagpunta sa online o sa pagtawag sa telepono. Pwedeng bumisita ang mga nakaligtas sa kahit anong pwesto ng DRC at mahanap ang kanilang pinakamalapit na pwesto sa pamamagitan ng FEMA App. Para mai-download ang FEMA App bumisita po sa Apple App Store o sa Google Play Store.

Kung kayo ay may homeowners o renters' insurance (seguro para sa may-ari ng bahay o nangungupahan), dapat kayong mag-file ng claim (magpadala ng kahilingan tungkol sa tulong) sa lalong madaling panahon. Sa ilalim ng batas, ang FEMA ay hindi maaaring kumopya ng benepisyo sa pagkawala na nasasakop ng seguro. Kung kayo ay walang seguro o may pagkukulang sa seguro, maaari kayong maging kwalipikadong mabigyan ng pampederal na tulong.

Ang pinakamabilis at pinakamadaling paraan sa pag-apply ay ang pagbisita sa disasterassistance.gov.

Kung hindi posibleng maka-apply sa online, **tumawag sa 800-621-3362** (TTY: 800-462-7585). Ang mga linya ng teleponong toll-free ay kasalukuyang bukas 24 oras, araw-araw. Kung kayo ay gumagamit ng serbisyo na relay, tulad ng video relay service (VRS), serbisyong captioned telephone at iba pa, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon.

Kapag mag-a-apply para sa tulong, siguraduhing nakahanda ang sumusunod na impormasyon:

- Kasalukuyang numero ng telepono ninyo kung saan kayo matatawagan
- Iyong address sa panahon ng sakuna at iyong kasalukuyang address kung saan kayo tumutuloy
- Iyong Social Security number (Numero ng Seguridad sa Lipunan, kung mayroon)
- Pangkabuuang listahan ng mga pagkasira at pagkawala

- Kung naka-insure (may seguro), ang policy number (pampatakarang numero ng pagkakakilanlan o pangalan ng ahente at/o kumpanya)

Ang tulong sa sakuna ay maaaring may kasamang tulong pinansyal para sa pagpapaayos ng bahay kabilang sa mga programang tutulong sa mga pamilyang makabawi mula sa epekto ng sitwasyon.

Para sa pinakabagong impormasyon bumisita sa fema.gov/disaster/4614. Sundan ang Twitter account ng Rehiyon 2 ng FEMA sa twitter.com/FEMAregion2.